



Tulongan ang mga Mahina sa Pananampalataya

NOTES

WARM-UP

- Naranasan mo na ba ang maapi sa paaralan? Paano mo ito nalampasan?
- Ano ang ilan sa mga ritwal na sinusunod sa inyong bahay, subalit hindi naman sinusunod sa ibang lugar (hal. pagsuot ng tsinelas sa loob ng bahay, pagsasalun-salun ng agahan kasama ang buong pamilya, at iba pa)?
- Kailan ang huling pagkakataon na may ginawa kang bagay sa kauna-unahang pagkakataon? Nagustuhan mo ba ang karanasang ito? Bakit oo o bakit hindi?

WORD

¹Tanggapin ninyo siya na mahina sa pananampalataya, ngunit hindi upang pagtalunan ang iba't ibang kuro-kuro... ¹³Kaya nga, huwag na tayong humatol sa isa't isa. Subalit sa halip, ito ang dapat na pagpasiyahan nating gawin: Huwag tayong maglagay ng batong katitisuran o anumang bagay na magiging sanhi ng pagbagsak ng isang kapatid. **MGA TAGA-ROMA 14:1,13**

Minsan madali sa atin ang manghusga ng ating kapwa Kristyano batay sa ating mga nakita sa kanila o batay sa kanilang paraan ng pamumuhay. Subalit, dahil sa ating mga pagkakaiba-iba ng pagpapahayag ng ating relasyon sa Diyos, hindi natin dapat husgahan o kaya ay hadlangan ang pananampalataya ng iba. Bilang mga bahagi ng iisang katawan, tinawag tayo ng Panginoon na mamuhay ng may pagkakaisa at tulungang palakasin ang pananampalataya ng bawat isa. Narito ang tatlong paraan upang ating matulungan ang mga taong nanghihina sa kanilang pananampalataya.

1 Ating pahalagahan ang pagkakaiba-iba.

*Siya na kumakain ay huwag maliitin ang isang hindi kumakain. Siya na hindi kumakain ay huwag humatol sa kaniya na kumakain sapagkat ang Diyos ang tumanggap sa kaniya. **MGA TAGA-ROMA 14:3***

Ang pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba ay nangangahulugan ng pagtanggaap ng isa't isa sa kabila ng ating mga kaibahan at personal na mga paninindigan. Si Jesus ay hindi namatay sa krus para lamang sa mga "malakas" ang pananampalataya. Siya ay namatay para sa lahat. Ano ang sinasabi ng salita ng Diyos na dapat nating gawin? (Mga Taga-Filipos 2:3,4)

2 Ating ipaglaban ang pagkaka-isa.

Kaya nga, sikapin nating abutin ang mga bagay ng kapayapaan at mga bagay na makakapagpatibay sa isa't isa. MGA TAGA-ROMA 14:19

Bilang mga mananampalataya, dapat nating malampasan ang ating mga pagkakaiba at ating ipaglaban ang pagkakaisa. Ang pagkakaisang ito ay batay sa ating relasyon, paniniwala, at pilisopiya. Bagamat hindi tayo laging umaayon sa isa't-isa, pinipili nating makamit ang pagkakaisa at ipaglaban ang ating mga relasyon. Ano ang ipinangako ng Diyos kung tayo ay mamumuhay ng may pagkakaisa? (Mga Salmo 133:1)

3 Tayo ay nabubuhay sa isang komunidad.

⁷Ito ay sapagkat walang sinuman sa atin ang nabubuhay para sa kaniyang sarili lamang at walang sinumang tao na namamatay para sa kaniyang sarili lamang. ⁸Ito ay sapagkat kung tayo ay nabubuhay, nabubuhay tayo sa Panginoon. Kung tayo ay mamamatay, mamamatay tayo sa Panginoon. Kaya nga, kung tayo ay nabubuhay o kung tayo ay mamamatay, tayo ay sa Panginoon. MGA TAGA-ROMA 14:7,8

Dapat nating gawing layunin na palakasin ang pananampalataya ng isa't-isa—hindi natin dapat isulong ang ating mga pansariling mga layunin. Bagkus, dapat tayong mamuhay kasama ang isa't-isa sa isang komunidad. Hindi natin dapat ihiwalay ang ating mga sarili sa mga taong iniisip nating “mahina.” Ano ang dapat nating maging tugon sa pamumuhay sa isang komunidad? (Mga Taga-Roma 15:1,2)

APPLICATION

- Ano ang iyong natutunan sa aralin at paano mo ito maisasabuhay ngayong linggo?
- Sa anong paraan ka maaaring mamuhay ng may pagkakaisa at pagkakasundo kasama ang iba pang mga mananampalataya, lalo na ang mga “mahina” sa pananampalataya?
- Ano ang mga ugali at kaisipan na kailangan mong talikuran upang matanggap ang ibang tao at ang kanilang antas ng pananampalataya? Ano ang mga hakbang na kailangan mong gawin upang mapagtagumpayan ito?

PRAYER

- Ipanalangin ang pagkakaisa at tunay na pagmamahalan sa inyong Victory group at simbahan.
- Hilingin sa Panginoon na bigyan ka ng mas malawak na pagpapahalaga sa bawat taong iyong makikilala araw-araw.
- Ipanalangin na gamitin ka ng Diyos bilang isang indibidwal na nagpapatatag ng mga relasyon, bilang isang tao na kinikilalang mas magaling pa ang iba kaysa sa kanya (Mga Taga-Filipos 2:4).



VICTORY

© 2015 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph